



Pagtulong sa Oryentasyon ng inyong Anak sa Serbisyong Pangangalaga at Pang-edukasyon ng Maagang Pagkabata (Supporting your Child's Orientation in Early Childhood Education and Care Services)

TAGALOG

Mahalaga ang positibong panimula sa edukasyong pang-maagang pagkabata. Mahalagang ikaw at iyong pamilya ay makadama ng malugod na pagtanggap, kaligtasan at suporta. Ang mga unang araw sa serbisyo ay tungkol sa pakikipagkilala ng inyong anak sa ibang mga bata at pagsisimula ng mapagtiwalang relasyon sa kanilang mga guro, tagapagturo at ibang mga propesyunal ng maagang pagkabata.

Ang Mga Serbisyo sa Edukasyon at Pangangalaga sa Maagang Pagkabata sa Victoria (Early Childhood Education and Care services in Victoria) ay ginagabayan ng Balangkas ng Pagkatuto at Pag-unlad ng Maagang mga Taon sa Victoria (*Victorian Early Years Learning and Development Framework*) (VEYLDF). Ang balangkas na ito ang nagbibigay-alam sa mga tagapagturo na ang pagkakakilanlan ng mga bata at kanilang mga kasaysayang pampamilya at pangkultura ang humuhugis sa kanilang pagkatuto at pag-unlad. Nadarama ng mga bata na sila ay malugod na tinatanggap at natututong mabuti kung nire respeto at kinikilala ng mga propesyunal ang kanilang natatanging pagkakakilanlan' (VEYLDF, 2016, PG. 12). Ang pagkakaunawaang ito ay magiging saligan ng mga gagawin ng mga tagapagturo sa pagsuporta sa iyo at inyong anak habang nasa kanilang oryentasyon at panahon ng pag-aayos sa kanilang bagong Serbisyo para sa Pangangalaga at Edukasyon sa Maagang Pagkabata (Early Childhood Education and Care Service).

Pinapalagay ng mga Serbisyo para sa Pangangalaga at Edukasyon sa Maagang Pagkabata (Early Childhood Education and Care Services) na ang mga sama-samang pagtutulong sa pagitan ng mga tagapagturo at mga pamilya ang pundasyon ng isang programang may kalidad. Ang mga magalang na relasyon mula sa umpisa ay isang malakas na tagapagpahiwatig ng mataas na kalidad ng serbisyo. Maaasahan mo ang mainit at magiliw na pagtanggap ng mga tagapagturo at hinihikayat ang paggamit ng [mga] wika ng inyong pamilya.

Susuportahan ng mga serbisyo ang komunikasyon sa inyo sa pamamagitan ng serbisyong tagasalin sa inyong wika upang masigurong kayo ay mabibigyan ng angkop na kaalaman at oportunidad na magtanong at maghanap ng karagdagang impormasyon sa wikang mas komportable kayo. Bilang karagdagan, may pantulong na manggagawa na nakapagsasalita ng inyong wika ng pamilya ang nakahandang tulong ang inyong anak sa maikling panahon habang siya ay bumubuo ng koneksyon at diwa ng pagkakaugnay sa serbisyo.

Kinikilala ng Edukasyong May Kalidad sa Maagang Pagkabata (Quality Early Childhood Education) na ang mga pamilya ang 'pangunahing impluwensiya sa pagkatuto at pag-unlad ng mga bata' (VEYLDF, 2016, pg. 9). Pinahalagahan ng mga tagapagturo at hinahangad ang mga saloobin at partisipasyon ng pamilya sa programang mga unang taon. Hindi lamang nito ginagabayan ang gawi ng mga tagapagturo kundi tumutulong pa sa mga bata na magkaroon ng tiwala, seguridad at koneksyon sa pagitan ng mga tao sa kanilang edukasyon at kapaligirang pangangalaga at pangtahanan, na magpapabuti sa mga resulta ng pag-aaral. Ang mga pamilya ay hinihikayat na makisangkot sa serbisyo at dumalo sa mga unang pulong. Ito ay makatutulong sa inyong anak na maramdamang ligtas sila at makatutulong na maunawaan ninyo kung ano ang nangyayari sa serbisyo kung naroon ang inyong anak nang wala kayo.

Ang serbisyo sa maagang pagkabata ay magkakaroon ng isang planong pang-oryentasyon upang tulong kayo at inyong anak na maging pamilyar sa mga serbisyo. Maaaring kabilang dito ang:

- pagbisita sa serbisyo kasama ang inyong anak bago magsimula ang pormal na pagdalo
- pagsisimula sa mga maikliang sesyon at unti-unting magiging mahahabang mga sesyon upang tulong kayo ng inyong anak na maging komportable.

Ang inyong mga tagapagturo ng maagang pagkabata ay magbibigay ng panahon at magtatanong sa inyo at inyong anak. Magbibigay ang mga ito ng mas mabuting pag-unawa sa mga pangangailangan ng inyong anak at makatutulong sa kanyang lumikha ng isang programang magpapalaki ng mga oportunidad sa pagkatuto at positibong resulta para sa inyong anak.

Ang mga halimbawa ng impormasyong hihilingin ng serbisyo sa maagang pagkabata na ibahagi mo sa kanila ay;

- Mga impormasyon tungkol sa kalusugan ng inyong anak - rekord ng pagpapabakuna, pangangailangang medikal, mga sakit o allergy.
- Mga kagustuhan sa pagpapaliti ng lampin, paggamit ng palikuran at mga kasanayan sa tahanan.
- Mga pagkaing kinakain ng mga bata, mga kaugalian sa oras ng pagkain.
- Mga pangangailangan ng mga bata sa pahinga at pagtulog.
 - Sila ba ay natutulog sa isang cot, sa kanilang kama o may kasama sa pagtulog?
 - Ano'ng mga awitin ang umaaliw sa kanila?
 - Mayroong ba silang paboritong aklat, espesyal na laruan o kumot?
 - Anu-anong oras sila karaniwang nagpapahinga/natutulog sa araw?
- Anu-anong mga pagdiriwang at tradisyon ang importante sa inyong pamilya?
- Malugod na tatanggapin ng mga tagapagturo ang anumang impormasyon na maibabahagi mo sa kanila.
- Mayroon din kayong mga impormasyon tungkol sa inyong anak na gugustuhin ninyong malaman ng mga Tagapagturo na maaaring makatulong upang makipag-ugnay sa inyong anak.

Ibang mga paraan upang makatulong na mapanatag ang inyong anak sa serbisyo

- Mag-ukol ng panahon kasama ang inyong anak sa serbisyo - ipaliwanag ang mga routine ng serbisyo sa inyong anak, pakikipaglaro, pagbasa ng mga kuwento at pagkanta ng mga awitin sa inyong sariling wika.
- Suportahan sila sa pakikipag-usap sa ibang mga bata. Ito ay maaaring sa pamamagitan ng simpleng paghikayat sa kanilang umupo sa tabi ng ibang bata, pagpapakilala ng sarili mo sa ibang mga bata, pagsali sa mga aktibidades at mga laro.
- Mag-ukol ng panahon sa pakikipag-usap sa inyong anak at iba pa na nakapagsasalita ng inyong wika.
- Makipag-usap sa inyong anak tungkol sa kanilang nararanasan at nararamdaman;
- Siguruhing alam ng inyong anak kung sino ang kanyang mga tagapagturo, kanilang pangalan at maaari siyang lumapit sa kanila kung kailangan niya ng tulong. Bigyan siya ng mga oportunidad na magpraktis na sabihin ang pangalan ng tagapagturo sa iyo at isadula ang paghingi ng tulong.
- Laging magpaalam bago umalis at panatagin ang loob ng inyong anak na babalik ka mamaya. Magandang ideya na panatagin ang inyong anak sa pamamagitan ng pagsali sa isang aktibidad kasama ang isang tagapagturo at/o ibang mga bata bago kayo umalis.
- Talakayin sa mga bata ang mga routine at paligid ng serbisyo sa gabi/umaga bago dumating upang bigyan sila ng oportunidad na magtanong at para masagot mo ang anumang alalahaning mayroon sila.
- Tandaan na ang mga guro at tagapagturo ng inyong anak ay naroon upang suportahan kayo at inyong anak habang kayo ay nasa serbisyo.

Mga Sanggunian (References)

Department of Education and Training, 2016. *Victorian Early Years Learning and Development Framework*